# Ang Prusisyon Tuwing Semana Santa sa Lungsod ng San Pablo City, bilang Assemblage

Princess Gissel Dionela-Servo
De La Salle University Integrated School
princess.servo@dlsu.edu.ph

## Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito na mailahad ang makasaysayang paraan ng pagdiriwang ng prusisyon sa lungsod ng San Pablo tuwing Semana Santa. Ang mga sumusunod na suliranin ang tinangkang sagutin ng mananaliksik ukol sa prusisyon na idinaraos taon-taon sa bayang ito; Ang pangunahing suliranin ng papel na ito ay paano nabuo ang assemblage sa pagsasagawa ng prusisyon sa lungsod ng San Pablo? Ang pangunahing suliranin na ito ay nahati sa mga sumusunod na tiyak na suliranin: (1) Bakit nabuo ang assemblage? ; (2) Ano ang naratibo ng assemblage sa bayan ng San Pablo sa mga sumusunod: pagkasunog, pagkakahati, at muling pagbuo? ; (3) Paano kumakatawan ang assemblage sa kultura at pananampalataya ng mga taga-San Pablo?. Sa pagbuo ng papel na ito, ginamit sa pag-aaral ang assemblage sa konsepto nina Deleuze at Guattari upang mailahad ayon sa pagkakasunod-sunod ang mahahalagang kuwento sa likod ng pagdiriwang. At para mapagtagumpayan ang pag-aaral na ito, nagkaroon ng pakikipanayam ang mananaliksik sa mga mahahalagang tao na nasa likod ng pagdiriwang na ito,nagsimula sa mga tao sa simbahan, sumunod ay ang isang pribadong samahan na nagsasagawa rin ng prusisyon sa bayang ito na kilala sa tawag na Samahan ng Mahal na Pasyon at ang panghuli ay ilang mga deboto na nagmamay-ari ng mga imahen na isinasama sa nasabing okasyon.

Mga susing salita: Semana Santa, San Pablo City, prusisyon, assemblage, imahen, deboto

MABINI REVIEW | VOL. XI (2022): pages 115-151
© 2022 Dionela-Servo, P.G. | ISSN 2012-2144

## Abstract

The purpose of this study is to narrate San Pablo City's historical practice of celebrating the procession during the Holy Week season. Specifically, the researcher wishes to answer the following questions concerning the town's annual procession. Why was the assemblage formed?; What is the narrative of the assemblage in the town of San Pablo according to the following: combustion, division, and reconstruction?; How does the assemblage represent the culture and faith of the people of San Pablo? The researcher employed Deleuze's and Guattari's concept of assemblage to present the sequence of important events behind the town's celebration of the procession during the festivity. To gather data, the researcher conducted a face-to-face and a telephone interview with the members of the church, a private religious organization known as Samahan ng Mahal na Pasyon, and the devotees and owners of life-size images who actively participate in the annual celebration.

Keywords: Holy Week, San Pablo City, procession, assemblage, image, devotee

## PANIMULA

Sa Pilipinas, buhay na buhay parin ang pagdaraos ng prusisyon na itinuturing na panata na ng bawat pamilyang Pilipino, partikular na kapag sumasapit ang araw ng semana santa. Sa aklat ni de los Reyes na pinamagatang Prusisyon: Paghahanda at Pagdiriwang (2018), tinalakay na ang prusisyon ay sinasabing dinala ng mga misyonerong Kastila na kabilang sa isang lahi na mahilig sa fiesta. Kasunod ng paniniwalang ang mga tao rito ay nangangailangan ng pananampalatayang Katoliko sa pamamagitan ng mga bagay na nakikita at nararanasan tulad ng mga dula, ritwal at simbolo.

Mula sa dalang impluwensya ng mga misyonerong Kastila, mula noon hanggang ngayon, pinapanatili pa ring buhay ng mga Pilipino ang tradisyon na ito sa paggunita ng semana santa, isa na dito ang bayan ng San Pablo.

**Pigura 1**

*Mapa ng Bayan ng San Pablo sa Lalawigan ng Laguna*




Maituturing ang bayan na ito sa isa sa nagpapanatili ng pagsasagawa ng prusisyon at mga tradisyon na isinasagawa ng ilang pamilya tuwing semana santa na matatagpuan sa katimugang bahagi ng lalawigan ng Laguna. Ayon sa 2015 Census, tinatayang nasa 266, 068 ang populasyon ng San Pablo. Ang populasyon nito ay ikaanim sa buong lalawigan sumunod ang mga bayan ng Calamba, Sta. Rosa, Biñan, San Pedro, at Cabuyao. Itinuturing ang bayan na isa sa pinakamatandang bayan sa Pilipinas. Mas kilala ito sa tawag na Lungsod ng Pitong Lawa dahil sa pitong lawa na makikita rito. Ito ay ang Sampalok, Palakpakin, Yambo, Bunot, Pandin, Muhikap at Calibato.

Ang bawat pamilya na nagmamay-ari ng mga imahen at karosa sa bayan ng San Pablo na isinasama sa prusisyon taon-taon tuwing semana santa ay may kaniya-kaniyang kuwento. Nagkaroon ng pagkakataon ang mananaliksik na makapanayam ang tatlong pamilya na nagmamay-ari ng mga santo. Ilan sa mga tanong ng mananaliksik ang mga sumusunod: (1) Paano naipamana sa kanila ang imahen? ; (2) Ilan taon na ang imahen sa kanilang pamilya? ; (3) Ano ang imahen na mayroon sa kanilang pamilya? at ( 4 ) Paano naman nila ipapamana ang imahe sa hinaharap? (5) Ano ang mga maganda at mahirap na karanasan sa pagiging kamarero?. Mula sa nakalap na datos, makikita

na ang mga imahen sa bawat pamilya kung saan nagbigay ang bawat isa ng estimasyon ng bilang ng taon ng pananatili ng imahen sa kanilang pamilya ay masasabing may katagalan na. At sa bawat taon ng kanilang pagmamay-ari sa imahe, hindi nila pinalalampas ang Semana Santa na isama ang mga ito sa prusisyon sa lungsod ng San Pablo. Ito ay isang panata na ng kanilang pamilya na hindi nila nais maputol kahit sa hinaharap. Mapapansin din na ang imahen ng bawat pamilya ay kadalasang sa iisang bayan lamang ang pinaglikhaan. Ito ang bayan ng Paete sa Laguna. May kaniya-kaniya silang mga kuwento kung bakit pinananatili nilang buhay ang tradisyon na ito sa kanilang pamilya na nagiging tulay di lamang makilala ang bayan sa gawaing ito kundi buhayin sa bawat deboto ang matibay na pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng pagsariwa sa buhay ng Panginoong Hesus na ating tagapagligtas.

Matatagpuan sa puso ng bayan ang tanging diyosesis sa Laguna, ito ay ang Diyosesis ng San Pablo. Isang diyosesis ng Katoliko Romano at isang supragan ng Arkidiyosesis ng Maynila. Ang patron dito ay si San Pablo, ang unang ermitanyo. Ito ay napapaligiran ng arkidiyosesis ng Lipa at Diyosesis ng Lucena. Ayon sa kasaysayan, ang mga paring Agustino ay nagtayo ng simbahan noog ikalabing–anim na daantaon. At noong 1586, ito ay naitalaga bilang isang parokya at tinawag na "Parokya ng San Pablo delos Montes". Noong 1910 nang ito ay naging bahagi ng Arkdiyosesis ng Lipa at noong ika–28 ng Nobyembre, 1966 ito ay naging hiwalay na diyosesis bilang supragan ng Arkdiyosesis ng Maynila. Ika-18 ng Abril, 1967, itinalaga si Obispo Pedro N. Bantigue bilang kauna-unahang obispo. Sa kasalukuyan ang diyosesis ay may 80 na parokya (7 ay sa loob ng San Pablo City), 163 na mga pari at mga relihiyosos; may 43 intitusyong Katoliko at 49 na naiulat na Basic Ecclesial Communities (BEC) at komunidad ng pananampalataya.

Sa bayang ito, kitang–kita ang pagpapahalaga at pagpapanatili ng tradisyon at isa na dito ang pagsasagawa ng prusisyon tuwing semana santa. Taon – taon, nagkakaroon ng iba't ibang paghahanda ang simbahan at mga pribadong grupo, ang Samahan ng Mahal na Pasyon na pinangungunahan ni Don Ado Escudero.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pangunahing suliranin ng papel na ito ay "Paano nabuo ang assemblage sa pagsasagawa ng prusisyon sa bayan ng San Pablo City?"

Ang pangunahing suliranin na ito ay nahati sa mga sumusunod na tiyak na suliranin: (1) Bakit nabuo ang assemblage?; (2) Ano ang naratibo ng assemblage sa bayan ng San Pablo sa mga sumusunod: pagkasunog, pagkakahati, at muling pagbuo?; at (3) Paano kumakatawan ang assemblage sa kultura at pananampalataya ng mga taga-San Pablo?.

**Kahalagahan ng Pananaliksik**

Hindi lamang naglalayong ilahad ng pananaliksik na ito ang paraan ng pagdiriwang ng prusisyon sa bayan ng San Pablo ngunit ito rin ay maaaring kauna-unahang pag-aaral ng mga mahahalagang pangyayari gamit ang assemblage sa konsepto ni Deleuze at Guattari upang mas lalong maunawaan ang kuwento sa likod ng maituturing na makasayaysang pagdiriwang ng bayang ito tuwing sasapit ang Semana Santa. At mula sa pag-unawa, malinaw na makikita ang matatag na pananampalataya sa Diyos ng bayan na magsisilbing modelo ng ibang bayan.

## METODO NG PANANALIKSIK

**Mga Kalahok**

Ang pagpapatuloy sa pag-aalaga ng mga imaheng minana pa mula sa kanilang mga ninuno, o sa pagsisimula nila sa pamanang ito sa kanilang mag–anak, matulungan nawa silang mapagnilayan ang mas malalim na kahulugan ng tradisyong ito, at ang mahalagang tungkuling ginagampanan nila sa paghubog ng mga mananampalataya sa banal na panahong ito.[1]

Sa pananaliksik, pakikipanayam ang pangunahing ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos sa mga piling pamilya na sumasama at aktibong nakikiisa sa prusisyon tuwing Semana Santa sa bayan ng San Pablo, Laguna. Inihayag ang mga kuwalitatibong datos mula sa kinapanayam na mga nagsasanto o kamarero kung saan nabibilang sila sa pamilya na kilala na at matagal na sa gawain ng pagsasanto. Nagkaroon ng pagkakataon na makausap ang ilang mahahalagang taong ipinalagay ng mananaliksik na malaki ang

1 Michael P. Delos Reyes, *Prusisyon: Paghahanda at Pagdiriwang*, Pinaunlad na Edisyon, (Claretian Communications Foundations, Inc. 2018).

maitutulong sa pagbuo ng papel dahil sa kanilang mahalagang partisipasyon sa taunang prusisyon sa bayan ng San Pablo. Hindi naging mahirap sa mananaliksik na humingi ng pahintulot dahil buong lugod nilang pinaunlakan ang paanyayang panayam.

Madaling nakapalagayang loob ng mananaliksik ang mga nakapanayam kaya naman naging komportable sila sa pagsagot at pagsasalaysay ng kanilang mga karanasan bilang bahagi ng pagpapanatili ng tradisyon sa bayan ng San Pablo. Sa pananaliksik na ito, ginamit ang mga kuwentong buhay ng mga nakapanayam upang maging malinaw at kongkreto ang makuhang datos.

Una, si G. Emmanuel de Villa, Chairman of Leadership and Liturgy, kasalukuyang nagtuturo sa Ateneo de Manila University. Malaki ang tungkuling ginagampanan niya sa simbahan lalo na sa pagpaplano sa kung ano ang mga gawain na mangyayari tuwing semana santa. Inilahad niya isa-isa ang mga gawain ng simbahan at kung paano sila nagkakaroon ng pagpaplano ukol dito. Hindi naging madali para sa kaniya ang kaniyang tungkulin dahil una, siya ay bata at mas maraming mas matanda sa kaniya na kung minsan ayon sa kaniya ay mahirap pasunurin dahil sa kanilang nakasanayan. Ngunit dahil sa pagiging buo ang loob sa kaniyang pananampalataya ay buong tapang niya itong hinaharap. Mula sa pagpapakumbaba at malinaw na pagpapaliwanag, hindi siya nawawalan ng loob na isulong ang nais niya para sa simbahan at mananampalataya.

Ang ikalawa, si Don Conrado Escudero, siya ang nagtaguyod ng Samahan ng Mahal na Pasyon sa San Pablo na patuloy na nagsasagawa ng prusisyon sa San Pablo. Sa pakikipanayam kay Don Ado, maraming nakuhang impormasyon ang mananaliksik na nagsimula sa kaniyang kabataan hanggang sa kasalukuyan. Ayon kay Don Ado, bata pa lamang siya ay nakamulatan na niya ang pagiging malapit sa Diyos dahil na rin sa impluwensya ng kaniyang ina. Naibahagi niya na noong bata pa lamang siya ay kasa-kasama siya ng kaniyang ina at tiya para magbahay–bahay at himukin ang mga tao na magmay–ari ng mga imahen. Para kay Don Ado, ang imahen ay isang representasyon lamang, dagdag pa niya, mahirap kausapin ang wala, kaya mula sa mga imahen maipapadaan mo sa mga ito ang taos pusong pananampalataya kay Hesus.

Ang ikatlo naman ay si Fr. Jerry Gaela, ang dating kura paroko ng San Pablo at sa kasalukuyan ay kura paroko naman ng Chair of St.

Peter Parish Balibago sa bayan ng Sta. Rosa Laguna. Sa pakikipanayam, naging detalyado si Fr. Jerry sa paglalahad ng kaniyang karanasan sa pagsasagawa ng prusisyon sa San Pablo. Nailahad niya ang ilang mga kuwento sa likod ng pagkakaraon ng dalawang prusisyon na pinangungunahan ng simbahan at ng Samahan ng Mahal na Pasyon. Ngunit ayon na rin kay Fr. Jerry bagaman matagal na panahon ang pagkakahiwalay ng prusisyon ay nagkaroon din ng pagkakataon na magkasama ito mula sa pamumuno ni Msgr. Barcenas hanggang sa huling taon niya bilang kura paroko ng bayan.

At ang huling mga nakapanayam ng mananaliksik, ang ilang mga piling pamilya na nagmamay-ari ng mga imahen na isinasama sa prusisyon. Dahil sa nabanggit na sa unang bahagi ng may dalawang prusisyon ang bayan ng San Pablo, sinikap ng mananaliksik na makapanayam ang anim na pamilya kung saan ang tatlo dito ay pamilya na sumasama sa prusisyon na pinangungunahan ng simabahan at ang natitira naman ay sumasama sa Samahan ng Mahal na Pasyon. Ang ilan sa mga datos na kinuha sa bawat pamilya ay ang mga sumusunod; (1) Ngalan ng pamilya; (2) Ngalan ng imahen; (3) Estimasyon ng bilang ng taon ng imahen sa kanilang pamilya; (4) Paano napunta sa pamilya ang imahen; at (5) Paano nila planong ipamana ang imahen.

Bukod sa pakikipanayam, nagsilbi namang ikalawang hanguan ng mga datos ang mga lokal na mga pahayagan, *video clips* mula sa YouTube, mga aklat, at artikulo na nailathala onlayn.

Sa wastong etika ng pananaliksik, humingi ang mananaliksik sa bawat nakapanayam ng pahintulot sa isasagawang panayam sa pamamagitan ng isang liham. Naging daan ito upang lalong mapatibay ng mananaliksik ang mga kabatirang kinakailangan sa pag-aaral.

## Freymwork


Nakatuon ang datos ng papel pananaliksik sa mahalagang pangyayari sa prusisyon na isinasagawa sa bayan ng San Pablo. Gagamitin sa papel na ito ang konsepto ng assemblage theory ng dalawang Pranses na pilosopo na sina Gille Deleuze (1925-1995) at Pierre-Felix Guattari (1930-1992). Ang assemblage ay binigyang kahulugan ni Dovey sa kaniyang sanaysay, ayon sa kaniya, "*Assembling Architecture," provides us with a useful definition of assemblage: "...*

*a whole that is formed from the interconnectivity and flows between constituent parts—a socio-spatial cluster of interconnections wherein the identities and functions of both parts and wholes emerge from the flows between them."*[2]

Mula sa konsepto ng teoryang assemblage,nabuo ang freymwork ng pag-aaral kung saan nilalayon nitong matukoy at mailatag ang mga mahalagang pangyayari sa pagsasagawa ng prusisyon sa lungsod ng San Pablo City. Tutuklasin ang makasaysayang kuwento nito mula sa pagkakabuo patungo sa pagkasunog at muling pagbuo ng assemblage, sinundan naman ito ng pagkakahati hanggang sa paghilom at sa huli at ang pagpapatuloy ng buhay ng assemblage.

**Pigura 2**

*Freymwork ng Papel Pananaliksik*




2 Kim Dovey, *Assembling Architecture*, (Edinburgh: University of Edinburg Press), 131.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

### Ang Pagkakabuo ng Orihinal na Assemblage

Tuwing semana santa hindi mawawala ang prusisyon sa isang lugar tulad ng lunsod ng San Pablo. Ayon sa kasaysayan, nagsimula na ang lungsod ito sa prusisyon noon pa lamang naitayo ang katedral noong 1586 sa pamumuno ng arsobispo na si Buenaventura Famadico. Mula noon hanggang ngayon ay napapanatili parin ang tradisyon. Naging daan sa pagbuo ng assemblage ang pagmamay-ari ng mga banal na imahen ng ilang pamilya sa iba't ibang panig ng Pilipinas partikular na sa lungsod ng San Pablo. Mula sa pagsisikap gaya nga nga nabanggit na kuwento ni Don Ado, hinikayat niya kasama ang kaniyang ina na magmay-ari ng mga banal na imahen. Mula dito, unti-unting dumami ang mga santo na sumasama sa prusiyon partikular na tuwing dumarating ang araw ng semana santa. Masasabing isa itong kaganapan na inaabangan di lamang ng mga tagarito bagkus pati ng mga karatig lungsod at mga turista. Isa sa masasabing dahilan na dinarayo ang lungsod na ito dahil sa marangyang prusisyon na isinasagawa dito.

Itinuturing ang prusisyon bilang isang gumagalaw na katekesis na tumutulong sa mga mananampalataya upang higit na maunawaan ang kahulugan ng Misteryo ng Pasko ni Kristo sa isang payak na paraan. Sa pagdaan ng prusisyon, nagkakaroon ang mga magulang ng pagkakataon na ipaliwanag sa kanilang mga anak, sa abot ng kanilang kakayanan at nalalaman, ang mga pangyayari sa pagpapakasakit, pagkamatay at muling pagkabuhay ng Panginoon. Naipapakilala rin nila ang mga santo at santang naging bahagi ng huling yugto ng buhay ni Hesuskristo sa daigdig.[3]

### Mga Paghahanda para sa Isasagawang Prusisyon

Payak ang unang anyo ng prusisyon ng semana santa. Nakatuon lamang sa pagpepenitensya, at pagtuturo ng katekismo. Ngunit sa paglipas ng panahon, unti–unting nabago at naging marangya ang pagsasagawa nito.[4]

---

3 Michael P. Delos Reyes, *Prusisyon: Paghahanda at Pagdiriwang*, Pinaunlad na Edisyon, (Claretian Communications Foundations, Inc. 2018), 40.

4 Michael P. Delos Reyes, *Prusisyon: Paghahanda at Pagdiriwang*, Pinaunlad na Edisyon, (Claretian Communications Foundations, Inc. 2018), 15-16.

Sa lungsod ng San Pablo, isang buwan bago ang semana santa, nagkakaroon na ng mga paghahanda ang simbahan at ang isang samahan na pinangungunahan ni Don Conrado Escudero na kinilala bilang Samahan ng Mahal na Pasyon para sa isasagawang pagdiriwang at prusisyon. Ayon sa kanila, napakabusisi ng paghahanda na ito dahil sa napakadaming kinakailangan para sa ikatatagumpay nito.

> *I told you the logistics, nakakalula, di mo akalaing magagawa. Sa pagkain lamang, nasa mga 10, 000 meals para sa lahat ng mga sumasama tulad ng pulis, lahat, halos lahat.*

Dagdag pa rito, nagkakaroon din sila ng ilang beses na pagpupulong upang planuhin ang isasagawang prusisyon sa lungsod ng Sa Pablo. Pagkatapos, ihahanda ang pagsasaayos sa mga imahen na karamihan sa mga ito ay nananatili sa pangangalaga ni Don Ado Escudero. Mula sa paglilinis, pagbibihis at pagsasaayos ng imahen, talagang masasabing mabusisi at kailangan ang maingat na pagsasagawa nito. Tulad ng isang *video clip* na napanood ng mananaliksik na pinamagatang Kabilin sa Bantanyan ni Jojo Bersales, tunay na napakaraming kailangan na ihanda para sa prusisyon. Sa Bantayan, may mga imahen pa na talaga namang pinaka–iingatan ng pamilya dahil ang ilan dito ay mula sa mga misyonerong pari na ibinigay sa mga piling pamilya. Sa pagpapanatili ng kaayusan ng imahen, maingat na kinukumpuni ang mga bahagi ng imahen tulad ng kamay, binti, at iba pa dahil sa di maiiwasan na masira na ito sa katandaan ng nasabing imahen. Tulad din sa Bantayan, ang Bogo ay may mga imahen rin na nagmula pa sa mga misyonero na talaga namang pinaka–iingatan ng pamilya. Nagpasalin-salin na ito sa mga magkakaanak, at ang mga imahen na ito naging bahagi na ng kanilang pamilya.

Pagkatapos, ang karosa, kinakailangan na ihanda ang mga karosa na sasakyan ng mga imahen. Sisiguraduhing handa ang lahat at walang sira upang di magka-aberya sa mismong araw ng prusisyon. Ginagawan ng sariling karosa ang bawat imahen na talaga namang di biro ang presyo. Sa isang *video clip* sa Bogo, may isang pamilya na nagpagawa pa ng dalawang karosa para sa kanilang mga imahen. Ayon sa kanila, kinailangan nilang magpagawa dahil magkasunod na araw sasali ang kanilang dalawang imahen sa prusisyon. Mula naman kay Venida sa kaniyang artikulo:

*By tradition, the families would assign a portion of their landowning to the santo, the so-called lupa ng santo. The purpose of this land was to pay for the upkeep of the santo. This covers not just the actual expenses of clothing the image and cleaning and decorating the carroza bearing the image, but the upkeep includes providing food for those who cany the carroza, the mag-uusong, to use the Carnarines Norte tern. The original mag-uusong were the tenants of the santo owners and this obligation is also hereditary, even when as happens in many cases, the modem-day mag-uusong no longer are tenants of the owner. The lupa ng santo tends to be riceland because rice has a ready and secure market. Moreover, in earlier times, in case of a specially bountiful harvest, a portion of the rice is expected to be distributed to the poor after the procession.*[5]

Hindi pa natatapos ang paghahanda kahit tapos na ang karosa, ang susunod naman dito ang pagdedekorasyon nito. Kadalasang pinupuno ng mga makukulay na bulaklak ang karosa tulad ng rosas, orchids, kalachuchi at iba pa. Tulad sa Bogo, ipinakita ni Jojo Bersales kung paano nagbabayanihan ang mga bata at matanda sa pagtutuhog ng kalachuchi na gagamiting pandisenyo sa karosa. Sa Bantayan naman, naglalaan talaga ng malaking halaga para sa gagamiting mga bulaklak na umaabot ng higit sa tatlumpung libong piso. Sa bawat pamilya, napakahalaga na magayakan ang bawat karosa ng kanilang imahen hindi lamang dahil maganda ito sa paningin kundi may iba't ibang mga paniniwala ang mga tao dito kaya naman sinisikap nila na bukod sa makapanood ay makakuha ng mga bulaklak mula sa karosa. Samantala sa San Pablo naman, karamihan sa mga karosa at imahen ay nasa pangngalaga ni Don Ado Escudero. Siya ang nagmamay-ari at namamahala sa mga imahen at karosa. Ngunit ayon sa kaniya, hindi lahat ng imahen na isinasama sa prusisyon ay nandoon. Mayroon ding mga imahen na nasa bahay mismo ng may–ari. Gaya rin ng ibang lungsod, di rin pinalalampas ng mga mananampalataya sa San Pablo ang pagkuha ng mga bulaklak sa karosa na ayon kay Don Ado ay "well to me, if that's make them happy you know ang masama kinukuha nila at tinatapon pero dala nila, you see them going home to the bukids, dala

5 Victor S. Venida, *The Santo and the Rural Aristocracy*. (Ateneo Manila University, vol. 44, no. 4, 1996), 500-513.

nila." Narito ang ilan sa mga paniniwala ng iba't ibang lugar sa bulaklak na nakukuha ng mga tao mula sa karosa ng mga imahen.

**Talahanayan 1**

*Iba't ibang Paniniwala sa Bulaklak ng Karosa*

| Lugar | Paniniwala |
|---|---|
| San Pablo | • Nagdadala ng swerte sa pamilya<br>• Nakapagpapagaling ng maysakit |
| Bantayan | • Nagdadala ng swerte sa pamilya<br>• Nakapagpapagaling ng maysakit<br>• Ginagamit bilang insenso sa lambat na sinasabing nagpapadami ng huli ng isda |
| Bogo | • Nagdadala ng swerte sa pamilya<br>• Nakapagpapagaling ng maysakit |

Ayon kay Don Ado, may pamilya na naging panata na ang mag–isponsor ng mga imahen. Taon–taon, may pamilya na magdadala ng mga tagapag–ayos, materyales at iba pang kakailanganin para sa karosa. Sa madaling sabi, hindi na kailangan maglabas ng malaking pera ang mga nagmamay-ari ng imahen para sa pagsasaayos nito. Natutuwa si Don Ado kasama na ang buong samahan nila dahil taon – taon nadagdagan ang pamilyang nais mag–isponsor ng mga imahen. Kaya dahil dito, lalo siyang nagkakaroon ng lakas ng loob na ipagpatuloy ang kaniyang nasimulan kasama na ang buong samahan sa kanilang isinasagawang prusisyon taon–taon. Hindi lamang natatapos dito ang paghahanda, kinakailangan din nila na humingi ng permiso sa punong lungsod na ayon naman sa kaniya ay di sila binibigong pagbigyan. Isa sa mga patunay nito, taon-taon nagkakaroon sila ng *souvenir program* kung saan nagbibigay pa mismo ang punong lungsod ng mensahe at pagbati sa buong Samahan ng Mahal na Pasyon. Noong 2019, nagbigay ng isang mensahe na naglalaman ng ganito;

> *"Matatawag nating isang tradisyon ang taon-taon nating paggunita sa semana santa na isang banal na gawain na tunay na mahalaga sa bawat isa sa atin. Kung kaya't tanggapin ninyo ang aking maiinit na pagbati sa inyong lahat, gayundin ang aking taos-pusong pasasalamat sa pamunuan ng Samahan ng Mahal na Pasyon na*

> *siyang nangunguna upang maisagawa ang isang programa na may kaugnayan sa pagdiriwang ng semana santa dito sa lunsod ng San Pablo."*

Bukod sa mga bulaklak, isa rin sa naibahagi ng isang nagsasanto o kamarero mula sa Las Piñas na itinuro sa kanila ng mga matatanda na ang tradisyon ng pagsasaayos ng mga imahen at karosa kung saan kinakailangan na may kaakibat na sakripisyo ang paggawa. Dagdag pa rito, sinisigurado ng matatanda na mayroon din silang bahagi sa pag-aayos ng imahen at karosa bukod sa paghahanda ng mga gagamiting bulaklak at pagkain para sa mga sasama sa prusisyon.

**Ang Pagkasunog ng Orihinal na Assemblage at ang Muling Pagkabuo ng Assemblage**

Sa pagsasagawa ng prusisyon hindi mawawala ang mga imahen na kasama sa pagdiriwang tuwing semana santa. Ang mga imahen na ito ang nagsisilbing buhay na katekesis na siyang nagpapaalala sa lahat ng mga manonoood ang pagpapakasakit ni Hesus para sa ating lahat. Sa lungsod ng San Pablo, ang mga imahen na isinasama dito ay mga naglalakihang imahen na ipinagawa pa sa mga bayan na sikat sa pag-uukit tulad ng bayan ng Pampanga at Paete. Ang mga imahen na ito ay pagmamay-ari ng pamilyang mayayaman na may kakayanan na mag-alaga nito.

> *Behind the clearly didactic element of these celebrations is the material bases for these occasions. These santo are all owned by families and the ownership is inherited.* Sa lungsod ng San Pablo, isa sa kilala na nag-aalaga ng mga imahen at kinikilala rin na nagtaguyod ng Samahan ng Mahal na Pasyon na isa sa pangunahing nagsasagawa ng prusisyon sa lungsod na ito ay si Don Ado Escudero. Sa pangunguna ni Don Ado, taon-taong naisasagawa ang isang marangyang prusisyon sa lungsod na ito.

Samantala, kilala rin ang lungsod ng San Pablo sa pagkakaroon ng malawak na taniman ng niyog kung saan pinangunahan ng pamilya Escudero ang pagtatanim ng bawat pamilya nito. At dahil dito, naging masagana ang buhay ng mga tagarito. Mula sa pahapyaw na paglalahad ni Don Ado, nabanggit niya na dumaan sa pagsubok ang kabuoan ng

lungsod nang masunog ang halos kalahati ng nasasakupan nito. Marami ang namatay, nawalan ng tirahan, kabuhayan at kasama na rito ang mga imahen na iniwan ng mga misyonerong Kastila sa lungsod. Labis ang pagkalugmok ng lungsod, ngunit hindi nawalan ng pag–asa ang mga tagarito, unti-unting binuhay muli ang lungsod kasama na ang kinaugalian ng prusisyon ng lungsod. Dagdag pa ni Don Ado, di naging madali ang lahat, siya kasama ng kaniyang ina, nagbahay–bahay sila para himukin ang pamilya na magpagawa ng mga imahen at ituloy ang tradisyon. Sa pagdaan ng panahon, paunti–unting nadaragdagan ang pamilyang nagmamay-ari ng imahen. At upang mapanatili ang tradisyon na ito, nagtatag ng isang samahan na pinangunahan mismo ni Don Ado na tinawag na Mahal na Pasyon. Malaki ang naging ambag ng samahan na ito upang manatiling buhay sa mga Pilipino ang sakit, hirap at kamatayan na pinagdaanan ni Hesus.

**Ang Pagkahati ng Assemblage**

Matagal na panahon na ang nakakaraan nang magsimulang isagawa ang prusisyon tuwing semana santa na pinangungunahan ng simbahan na masasabing magpasahanggang sa kasalukuyan ay buhay na buhay parin sa lungsod ng San Pablo. Noong 1967 sa pamumuno ni Obispo Pedro Bantigue nagdaraos na ng prusisyon ang lungsod ng San Pablo. Ang prusisyon na isinasagawa sa lungsod na ito ay maingat na sumusunod sa nakasaad sa liturhiya. Ayon kay Fr. Jerry Geala, may dalawang prusisyon na isinasagawa sa lungsod na ito. Ang unang prusisyon ay tuwing Miyerkules santo kung saan ang mga imahen na makikita ay ukol sa buhay at misteryo ng Panginoong Hesus hanggang sa hapis at pagpapakasakit at kamatayan ng Panginoong Hesus. Samantala, susundan naman ito ng prusisyon ng Biyernes Santo kung saan makikita naman dito ang mga imahen ukol sa paglilibing ng Panginoong Hesus.

Samantala, noong 1970 nagsimulang mabuo ang isang samahan na naglalayong magsagawa ng prusisyon sa lungsod ng San Pablo upang mapanatili sa bawat isang mamamayan ang pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga imahen. Ngunit ang dalawang panig, ang simbahan at ang Samahan ng Mahal na Pasyon ay nagkaroon ng hindi magandang pagkakaunawaan sa isa't isa kung


paano isasagawa ang nasabing prusisyon. Ayon kay Fr. Gaela, nais ng simbahan na panatilihin ang nakasaad sa liturhiya ngunit ang samahan ay nagnanais na isagawa ang prusisyon ng isang beses lamang tuwing Biyernes Santo. Ang prusisyon na isasagawa ng samahan ang nagpapakita ng mga imahen ukol sa buhay at misteryo ng Panginoong Hesus pagkatapos ay susundan ng mga imahen ukol sa hapis at pagpapakasakit at kamatayan ng Panginoong Hesus at magtatapos sa mga imahen na ukol sa paglilibing ng Panginoong Hesus. Ang naisin na ito ng samahan ay tinutulan ng simbahan dahil ayon sa simbahan ang mga imahen na dapat isama sa prusisyon ay ukol lamang dapat sa paglilibing dahil ito ang nakasaad sa liturhiya. At dahil sa magkaibang paniniwala na ito, nagpatuloy ang di pagkakasundo ng dalawang panig kasabay nito ang pagpapatuloy ng pagsasagawa ng prusisyon na magkahiwalay. Kaya naman simula noong 1970 hanggang sa buong panahon ng panunungkulan ni Obispo Bantigue ay hindi nangyari na nagkasama ang prusisyon ng simbahan at ng nasabing samahan. Nang napalitan si Obispo Bantigue ng kinikilalang pangalawang obispo ng Dioses ng San Pablo na si Obispo San Diego, nagpatuloy ang hindi pagkakasundo ng dalawang panig lalo na ng nagpalabas ang obispo ng kautusan na dalawang imahen lamang ang isasama sa prusisyon tuwing Biyernes Santo, ito ang mga imahen ng Santo Entierro at Mahal na Birhen (Dolores). Taliwas ang kautusan na ito ng obispo sa kagustuhan ni Don Ado Escudero, kaya naman nagpatuloy sa lungsod ng San Pablo ang magkahiwalay na prusisyon, mula sa simbahan at sa Samahan ng Mahal na Pasyon.

Tumagal ang hiwalay na prusisyon sa lungsod ng San Pablo nang maraming taon. Upang maisagawa ito nang mapayapa bagaman may dalawang prusiyon, nakakuha ang mananaliksik ng mapa ng ruta ng prusisyon mula sa munisipyo.

Makikita sa mapa (Pigura 3) na bagaman dalawa ang prusisyon na isinasagawa sa lungsod ng San Pablo sa magkaparehong araw at oras, makikita ang magkaibang direksyon ng dalawang panig. Mula sa panayam ng mananaliksik kay Fr. Gaela, kung sakali man na magkasalubong ay nagkakaroon ng bigayan ang dalawang panig upang maging maayos ang daloy ng isinasagawang prusisyon.

**Pigura 3**

*Mapa ng Ruta ng Magkahiwalay na Prusisyon sa Lungsod ng San Pablo*




### 1.1. **Pag-usbong ng Samahan ng Mahal na Pasyon**

Si Don Ado Escudero ay anak nina Don Placido Escudero at Donya ClaudiaMarasigan na nagmamay-ari ng sikat na resort, ang Villa Escudero Plantations and Resort na matatagpuan sa Southern Tagalog na nasa pagitan ng Quezon at lungsod ng San Pablo. Ayon sa artikulo ni Lunas, si Don Ado ay kinikilala na tagapangalaga at tagapagpanatili ng mayamang kultura at kasaysayan ng Pilipinas. Mula sa paniniwala na minana ni Don Ado Escudero sa kaniyang ina sa pananampalataya ang nagpatibay sa kaniyan mula noon hanggang sa kasalukuyan na panatilihing buhay ang tradisyon sa pamamagitan ng pangunguna sa pagsasagawa ng prusisyon sa lungsod ng San Pablo. Mula sa panayam ng mananaliksik kay Don Ado, mula sa pagkabata ay kasa-kasama na niya ang kaniyang ina sa pamamanata, hanggang sa paghimok sa mga taong magpagawa ng mga imahen sa pamamagitan ng pagbabahay-bahay. Mula sa kaniyang maigting na paniniwala, nag-ugat ang samahan na siya mismo ang nagtaguyod. Ayon sa kaniya,

*Now there was a group, 1980 ay 1970 actually, a group of citizens, we said enough is enough, lets leave in the past,lets bring back the glory of the past. They formed a group called Samahan ng Mahal na Pasyon, I was one of them. Mga mother ko mga ganyan. Kami ay nagbahay – bahay, inaakit namin yung mga tao na magpagawa uli ng santo ay hindi naman magawang biro dahil mahal ang mga santo, mahal ang karosa. So there's only a little at a time, by 1980, dumadami na kaming nakumbinsi, umaano na sa interes ng mga tao, tuwang – tuwa sila na nakikita the full glory of the holy week…*

Sa pag-usbong ng Samahan ng Mahal na Pasyon, nagpatuloy ang pagbuhay ng tradisyon sa pamamagitan ng prusisyon. At sa kabila man ng di pagkakaunawaan ng kanilang samahan sa simbahan gaya nga ng nabanggit sa unang bahagi, nagpatuloy parin sila sa pagsasagawa nito. At mula sa tradisyon na nais nilang mapanatili, naging daan naman ito upang makilala ang lungsod ng San Pablo hindi lamang sa buong bansa bagkus ay nakarating din sa iba't ibang bansa ang maringal na prusisyon na ito. Libo-libong mga tao taon-taon ang nakakasaksi sa prusisyon na nagmula pa sa iba't ibang mga lungsod dagdag pa dito ang mga dayuhang dumadayo upang personal na masaksihan ang tradisyon na ito.

1.2. **Ekonomiko at Astetikong Tunggalian**

Ayon sa libro ni delos Reyes, kinakailangang tandaan na ang paggamit ng mahal na imahen ay hindi nagpapamalas ng estetika, kundi ito ay isang paraan ng pag–akay tungo sa Misteryo. Sa pahayag na ito, masasabing taliwas ito sa makikita sa mga imahen na ipinuprusisyon sa lungsod ng San Pablo. Mula na rin sa mga larawan na makikita sa huling bahagi ng papel, ang kabuoan ng imahen ay tunay nagpapakita ng karangyaan. Mula sa ulo hanggang sa paa ay talaga namang ginayakan upang maging kabigha-bighani sa paningin ng lahat ng manonood. Tunay na ito ay ginastusan ng malaking halaga, mula pa lamang sa pag–uukit na ayon na rin sa panayam ay nagmula pa sa bayan ng mahuhusay na mag–uukit, ang bayan ng Paete. Di biro ang halaga ng mga imahen dahil ito ay nagkakahalaga ng daang libo bawat isa, isa na rito ang pinakabagong imahen na ipinagawa ni Don Ado Escudero na plano niyang isama sa prusisyon ngayong taon.

Ang paghahanda sa prusisyon ay di pa natatapos sa pagpapagawa, kailangan rin ng isang magarang damit para sa imahen na masinsing ginagawa at binubuo hanggang sa ternohan ito ng mga alahas at korona na lalong nagpapatingkad sa ganda nito. Kasunod nito, ang paggayak sa mga karosa kung saan ito ay pinupuno ng magagandang bulaklak upang mas lalong maging kaakit-akit sa lahat ng mga deboto. Pagkatapos ng pagdaraos ng prusisyon, ang ibang mga imahen ay iniuuwi ng mga may–ari sa kanilang bahay ngunit may ilang pamilya na nagmamay-ari ng imahen na walang espasyo sa bahay upang paglagakan ng kanilang mga imahen kaya naman naglaan si Don Ado Escudero ng isang lugar na pagmamay-ari mismo niya kung saan maaaring paglagakan ng mga imahen kasama na ang mga karosa. Nasa pangangalaga ni Don Ado ang karamihan ng mga imahen na makikita sa prusisyon sa lungsod ng San Pablo.

May ilang naitalang hindi angkop na kagawian na mapapansin sa pagdiriwang ng mga prusisyon. Ito ay ang sumusunod;

1. May mga lugar na hindi kinakailangan ang pag – uulit ng isang imahen o tagpo.
2. May pagkakataon na mali ang paglalarawan sa mga imahen na di angkop sa prusisyon ng semana santa.
3. Mapapansin din ang lubhang marangyang pagdadamit sa mga imahen na taliwas sa diwa ng semana santa.
4. May mga lugar na inilalahok ang mga imahen na hindi angkop sa prusisyon halimbawa nito ay ang Birhen ng Guadalupe o Penafranci; Pagkabuhay sa prusisyon ng Biyernes Santo).[6]

Dagdag pa dito, naitala rin ang mga hindi angkop na gawain sa isinasagawang panalangin sa mga prusisyon. Ito ay ang sumusunod;

1. Ang pagdarasal ng Santo Rosaryo kung titingnan ay wala namang problema ngunit may pagkakataon na hindi tugma ang mga misteryo na pagninilayan (halimbawa, pagninilay sa mga Misteryo sa Tuwa o Luwalhati, o ng Liwanag sa prusisyon ng pagpapakasakit o Paglilibing sa Panginoon).

6 Maichael P. Delos Reyes, *Prusisyon: Paghahanda at Pagdiriwang*, Pinaunlad na Edisyon, (Claretian Communications Foundations, Inc. 2018), 41.

2. May posibilidad rin na ang pagdarasal ng rosaryo ay magiging mekanikal dahil uulit – ulitin ito hangga't hindi natatapos ang prusisyon.
3. May mga banda ng musiko na maririnig na minsan ay tumutugtog ng mga tugtuging hindi relihiyoso at mula sa mga sikat na palabas sa telebisyon o pelikula.
4. Mayroon ding ilang may – ari ng imahen na gumagamit ng mga kwitis o lusis para sa kanilang imahen kung saan ang gawain na ito ay tanda ng pagsasaya at pagpipista, na maaring angkop lamang ito sa salubong sa Linggo ng Pagkabuhay ngunit hindi magiging tugma sa prusisyon ng pagpapakasakit at paglilibing ng Panginoon.
5. Nababawasan din ang diwa ng panalangin sa mga prusisyon dahil sa karo at andas na labis o hindi angkop ang mga palamuti at ilaw (halimbawa, masyadong makukulay na bulaklak; paggamit ng pamaskong ilaw, mga lobo o palamuting pampista) at sobra ang laki. Kung tutuusin, ang imahen na lulan nito ay nagmimistulang bahagi na lamang ng kabuoang dekorasyon at hindi na gaanong napapansin, sa halip na magsilbi silang inspirasyon sa panalangin at pagninilay.
6. Sa pagtatapos ng prusisyon, mapapansin din ang mga tao na kumukuha ng mga bulaklak. Ito ay dahil sa paniniwalang ito ay sagrado o benditado at nakapagpapagaling ng mga karamdaman o kaya naman ay nakikigaya na laman ang iba sa karamihan.
7. Sa bahay naman ng may–ari ng imahen, naghahandog ng caridad sa mga namamanata. Ito ay kagandahang–loob sa kapuwa. Sa kabila nito, may pagkakataon na ang dami at uri ng pagkaing nakahain ay hindi naaayon sa diwa ng pag–aayuno at abstinensya na itinuturing na sagrado sa unang dalawang araw ng Trisuo ng Pasko.

Mula sa pananalisik, isa sa mga di napapagkasunduaan ng simbahan at samahan na pinangungunahan ni Don Ado Escudero bukod sa mga imahen na isasama sa prusisyon ay ang karangyaan ng prusisyon at sinasabing ang gawaing ito ay para lamang mapalakas pa lalo ang turismo sa lungsod ng San Pablo na makakatulong sa negosyo nito. Ngunit naninindigan si Don Ado na ang kaniyang ginagawa lamang ay isang debosyon at malalim na pananampalataya kay Hesus. Walang

kinalaman ang negosyo at anupamang mga panghuhusga na ginagawa sa kaniya. Para sa kaniya, hindi siya mapipigil ng kahit sino pa man para ipagpatuloy ang kaniyang mga gawain ngunit kung sakaling pati ang lokal na pamahalaan ay pipigilin siya na magdaos ng prusisyon ay wala siyang magagawa. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, may mga hakbang ng naiisip si Don Ado para di mawala ang tradisyon na ito. Ito ay ang pagtatayo ng isang foundations at museo kung saan ihahanay dito ang mga imahen na pupuntahan ng mga tao. Ngunit ayon sa kaniya ang ganitong gawain ay di biro dahil magastos ang magkaroon ng isang museo kaya habang binibigyan pa sila ng pahintulot ng lokal na pamahalaan ay ipagpapatuloy parin nila ang pagdaraos ng prusisyon sa lungsod ng San Pablo.

**Ang Paghilom ng Assemblage**

Para sa isang makabuluhan, maayos at mapagpalang pagdaraos ng Semana Santa, noong 2010, sa ilalim ni Msgr. Melchor Barcenas, ang matagal ng hinihintay na pagkakasundo ng dalawang panig, ang simbahan at Samahan ng Mahal na Pasyon ay naganap sa ilalim ng isang kasunduan na sinaksihan ng dating pangulo ng Parish Pastoral Council na si Bb. Rowena Valdellon. Ang nasabing kasunduan ay naglalaman ng mga sumusunod:

1. Na…sa prusisyon ng Biyernes Santo ang dalawang imahen ng Santo Entierro ay maghahalili sa pagsama sa prusisyon. Ayon sa naging kasunduan, sa taon ng paglabas ng pamilya Maglalang ng imahen, ang ipapalit naman ng pamilya Escudero ay ang "Mary at the Tomb."

**Talahanayan 2**

*Talaan ng sunod-sunod na taon ng pagpapalitan ng paglabas ng Santo Entierro*

| Taon | Imahen | Pamilya |
|---|---|---|
| 2012 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |
| 2013 | Santo Entierro | Escudero |
| 2014 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |

| Taon | Imahen | Pamilya |
|---|---|---|
| 2015 | Santo Entierro | Escudero |
| 2016 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |
| 2017 | Santo Entierro | Escudero |
| 2018 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |
| 2019 | Santo Entierro | Escudero |
| 2020 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |
| 2021 | Santo Entierro | Escudero |
| 2022 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |
| 2023 | Santo Entierro | Escudero |
| 2024 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |
| 2025 | Santo Entierro | Escudero |
| 2026 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |
| 2027 | Santo Entierro | Escudero |
| 2028 | Santo Entierro<br>Mary at the Tomb | Maglalang<br>Escudero |

2. Na… taon-taon, ang imahen ng Santo Entierro ng pamilya Maglalang ang siyang ilalagak sa loob ng Katedral pagkatapos ng prusisyon, para sa pamimintuho ng mga deboto nito.
3. Na… kinakailangang maiwasan ang duplikasyon ng imahen lalo't higit sa Biyernes Santo
4. Na… dapat na magkaroon ng maagang koordinasyon sa Police and Traffic Enforcers kasama ang grupo ng Kabalikat ukol sa ruta ng prusisyon upang maiwasan ang pagkakasalubong ng prusisyon na pinangungunahan ng simbahan ng Aglipayan.
5. Na… kailangang bigyang pagkilala na ang pinakamataas na namumuno sa gawaing ito ay ang Obispo ng Dioses ng San Pablo na kinakatawan ng kura paroko ng katedral.

Ngunit sa kabila ng kasunduan na ito sa pagitan ng simbahan at ng Samahan ng Mahal na Pasyon, may pagkakataon na parin na nagkakaroon ng di pagkakaunawaan. Ayon kay Fr. Gaela, noong 2018 sa ilalim ng kaniyang pamumuno bilang kura paroko, masasabing ito na ang pinakamagulong nangyari sa pagitan ng simbahan at ng samahan kung saan sa kaorasan ng prusisyon ay may dalawang Santo Entierro kung saan mahigpit na ipinagbabawal ang duplikasyon ng imahen sa prusisyon. Kung pagbabatayan ang talaan na ibinigay sa unang bahagi, noong 2018, ang Santo Entierro ng pamilya Maglalang ang ipuprusisyon samantalang sa pamilya Escudero naman ang Mary at the Tomb. Ngunit hindi ito ang nangyari, kaya naman ang prusisyon ay natagalan na makalabas sa simbahan dahil sa dalawang Santo Entierro. Upang solusyunan ang problemang ito, napagkasunduan na ang Santo Entierro ng pamilya Escudero ang mauuna na may pagitan na 10 poon sa Santo Entierro ng pamilya Maglalang. Dagdag pa ni Fr. Gaela na iisa lamang naman ang layunin sa pagsasagawa ng prusisyon ang magkaroon ng simple, makabuluhan, mapagpalang pagdiriwang, at mahikayat na magdasal at magsimba ang mga tao. Nagkaroon man ng problema o hindi pagkakasundo sa isa't isa, sa huli makakahanap at makakanap parin ng solusyon dahil sa iisang layunin, ang lalong mapagtibay ang pananampalataya ng bawat isa sa ating Panginoong Hesus na ating tagapagligtas.

## Ang Patuloy na Buhay ng Assemblage

Tunay na ang lungsod ng San Pablo ay napapanatili ang tradisyon ng prusisyon tuwing Semana Santa na inaabangan taon-taon ng mga deboto na di lamang nagmula dito ngunit dinarayo na rin ng mga deboto mula sa iba't ibang panig ng bansa at maging mga dayuhan ay dumadayo rin dito upang saksihan ang maringal na selebrasyon na ito.

### 1.1. Patuloy na Pagdami ng mga Karosa

Sa pagdaan ng panahon, mula sa pagbabahay-bahay ni Don Ado sa paghimok sa mga mayayamang taga-San Pablo na pagpagawa ng imahen ay nagbunga hanggang sa kasalukuyan. nakakalap ng mananaliksik ang bilang ng mga imahen na isinasali tuwing prusisyon sa lungsod ng San Pablo. Ang bilang na ito ay nagmula sa souvenir program ng samahan ng

Mahal na Pasyon sa pangunguna ni Don Ado Escudero. Laking pasasalamat ng mananaliksik na nakapagbigay si Don Ado ng 6 na souvenir program mula sa iba't ibang taon. Makikita sa talahanayan sa ibaba, ang pagbabago ng bilang ng mga imahen na ipinuprusisyon sa iba't ibang taon.

**Talahanayan 3**

*Bilang ng imahen na ipinuprusisyon bawat taon*

| taon | bilang ng mga santo |
|---|---|
| 2004 | 42 |
| 2009 | 47 |
| 2014 | 54 |
| 2015 | 55 |
| 2018 | 55 |
| 2019 | 55 |

Bukod sa bilang ng mga imahen, nakuha rin ng mananaliksik ang mga ngalan ng santo na ipinuprusisyon tuwing Biyernes Santo at mga taong nagmamay-ari ng bawat mga imahen na nagmula rin sa nabanggit na souvenir program. Mayroong tatlong talahanayan kung saan ipapakita ang mga imahen na ipinuprusisyon batay sa mga sumusunod; (1) Prusisyon na magkasama ang simbahan at ang Samahan ng Mahal na Pasyon, (2) Prusisyon na pinangungunahan lamang ng simbahan, at (3) Prusisyon na pinangungunahan lamang ng Samahan ng Mahal na Pasyon.

**Talahanayan 4**

*Ngalan ng imahen na kasali sa magkasamang prusisyon ng simbahan at Mahal na Pasyon*

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| Mga Imahen Ukol sa Buhay at Misteryo ng Panginoong Hesus | | |
| 1 | Ang Pagbibinyag sa Panginoon sa Ilog Jordan | Mga Naulila nina Antonio at Sotica Diawatan<br>Sa pangangalaga nina Peter at Nedy Diawatan |
| 2 | Ang Panunukso kay Hesus | Sa pangangalaga ni Board Member Angelica Jones-Alarva |

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 3 | Ang Panunukso kay Hesus | Isponsor:<br>Bb. Kristine Berna M. Banaag<br>Pincipal ng St. Joseph School |
| 4 | Kasalan sa Cana | Dr. at Gng. Boyet Diawatan<br>Naulila ni Dra. Virginia Reyes Estrada |
| 5 | San Lazaro | Mga Naulila ni Dr. Leon Castillo |
| 6 | Ang Pagbabagong Anyo | Mga Naulila ni Arsenio Millares |
| 7 | Si Hesus at si Santa Potina sa Balon ng Synchar | Mga Naulila ni Antonia Manuel Magcase |
| 8 | Ang Paglalagay ng Pabango ng Babaing Makasalanan sa Paa ni Hesus | Isponsors:<br>G. at Gng. Dave Ramos sa tulong ni Kapitana Jessica Nasaan ng Bulakin, Tiaong Quezon |
| 9 | Ang Matagumpay na Pagpasok sa Herusalem | Mga Naulila ni Donya Leonila F. Almeda,<br>Sis Mariaa Goretti Almeda,<br>Dr. at Gng, Melencio Almeda,<br>Gng, Yolanda A. Aljama,<br>Mr. Michol Angelo A. Aljama, at<br>Engr.David Sayoc |
| 10 | Ang Pamamaalam ni Hesus sa Kaniyang Ina | Isponsor:<br>Sr. Luzviminda Mojica, FdCC<br>School Directress, Canossa College |
| 11 | Ang Paghuhugas ng Paa sa mga Apostol | Mga Naulila ni Donya Julita Bautista Magsino<br>Isponsors:<br>Alternative Home Health<br>Neo Michol and Ellice Mae Sanchez, Orlando Florida |
| 12 | Ang Pagtatatag ng Banal na Eukaristiya | Sa pangangalaga ni<br>Vice-Governor Karen Agapay |
| Ang mga Imahen Ukol sa Hapis at Pagpapakasakit at Kamatayan ng Panginoong Hesus | | |
| 13 | Ang Hapis sa Hardin ng Getsemani | Isponsors:<br>G. at Gng. Michael Calingasan<br>sa tulong ng mga estudyante ng<br>Academia de San Ignacio de Loyola<br>at G. Joven D. Mendoza, Principal |

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 14 | Ang Halik ni Hudas Iskariote | Mga naulila nina Silvestre Dizon at Concepcion Putungan |
| 15 | Ang Paghuhuli sa Panginoong Hesus | G. at Gng. Lito Surbano |
| 16 | Ang Pagtatatwa ni Pedro kay Hesus | Dating Mayor Vicente Amante<br>sa pangangalaga ni<br>Mayor at Gng. Loreto S. Amante<br>Isponsor:<br>Brgy. Sto Nino, San Pablo City |
| 17 | Si Hesus sa Harapan ni Anas | Isponsor:<br>Mga naulila ni Johnny Uy Kee Kong |
| 18 | Si Hesus sa Harapan ni Pontio Pilato | Mga Naulila ni Clarito Ticzon |
| 19 | Si Hesus sa Harapan ni Haring Herodes | Gng. Faye Dichoso |
| 20 | Ang Paghahampas kay Hesus sa Haliging Bato | Isponsors:<br>Mga Naulila ni Tony Gallivo<br>sa tulong ng mga estudyante ng<br>Dalubhasaan ng Lungsod ng San Pablo<br>at G. Edelio B. Panaligan, President |
| 21 | Senor Hesus Desmayado | Isponsor: Cecille G. Nallas at Pamilya |
| 22 | Ang Pagpuputong ng Koronang Tinik | Isponsor: G. at Gng. Val Porras |
| 23 | Ecce Homo | Dra. Apolonia Catipon at Pamilya<br>Isponsors: SM City Staff and employees |
| 24 | Si Hesus ay Hinatulang Mamatay | Dating Mayor at Gng. Boy Aquino<br>Judge Odilon Bautista<br>Dr. at Gng. Aresteo Alvero<br>Dr. at Gng. Leo Exconde |
| 25 | Pagninilay ni Hesus sa Krus | Isponsors:<br>Mga Naulila ni Jose Clarito Tesoro |
| 26 | Tinanggap ni Hesus ang Krus | Isponsors:<br>JM Marquez Poultry Farm,<br>3K Beauty Salon at Precy Hairline,<br>Dr. Rodolfo Deza at Badeth Deza |
| 27 | Ang Pagpapasan ni Hesus ng Krus | San Pablo Cathedral |

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 28 | Ang Unang Pagkadapa ni Hesus | Mga naulila ni Dante T. Reyes<br>Isponsors:<br>Don Terrios Quarry,<br>G. at Gng. Daniel Avanzado,<br>at Big Ace Wonder Wash,<br>Q'9 Tapsilog by Nestor |
| 29 | Tinulugan si Hesus ni Simeon Taga Cirene | Isponsors:<br>Dr. and Mrs. Jaime Aristotle Alip<br>ng Card Bank, San Pablo City |
| 30 | Ang Banal na Mukha sa Birang ni Veronica | Gng. Rita Eala |
| 31 | Ang Ikalawang Pagkadapa ni Hesus | Isponsors:<br>Gng. Pining Aranguren Vda. de Agoncillo<br>at Pamilya |
| 32 | Santa Veronica | Bb. Baby Montaniel |
| 33 | Ang Pagsalubong ni Hesus sa mga Babae ng Herusalem | Isponsors:<br>Jorge Allan Tengco, Ruby Galang<br>at Joyce Flood |
| 34 | Ang Ikatlong Pagkadapa ni Hesus | Sa pangangalaga ni Gob. Ramil Hernandez |
| 35 | Si Hesus ay Hinubaran ng Damit | Mga Naulila ni Commodore Rogelio Dayan |
| 36 | Pinainum si Hesus ng Mapait na Apdo | Isponsors:<br>G. Herbert T. Ticzon at<br>Bb. Evelyn Alcantara-Eje,<br>Sin Nomre<br>Club de Laguna Foundation, Inc.<br>sa tulong ng mga estudyante ng<br>Scuola San Giuseppe Marello at<br>Rev. Fr. Erwin B. Aguilar, OSJ<br>Director |
| 37 | Nuestro Senor de Buen Fin | Isponsors:<br>Chairman Rolando C. Villanueva<br>at Ace Funeral Services |
| 38 | Ang Pagkamatay sa Krus | Mga Naulina ni Arch. Francisco Dychangco |
| 39 | Ang Kamatayan ni Hesus sa Krus | Mga Naulila ni Marcial Mesinas,<br>Elisa Guia-Mesinas at Pamilya<br>Isponsors:<br>Nonong C. Guia,<br>Danny and Ofelia Guia-Pilares |

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 40 | Nuestra Senora Birhen Dolorosa | Mga naulila ni Marcos Paulino |
| 41 | Pagbababa sa Krus | Sa pangangalaga ni<br>Congresswoman Sol Aragones-Sampelo |
| 42 | La Pieta | Mga naulila ni<br>Donya Rosario Adap Escudero<br>Isponsors:<br>Villa Escudero Management and Staff |
| 43 | Senor Miserecordia Senor | G. Arthur Reyes |
| 44 | Si Hesukristo at ang Nagdadalamhating Ina | Isponsors:<br>Mga naulila ni Maj. Dante Abril<br>sa tulong ng Dulce Funeral Homes |
| 45 | Lignum Crusis | Chito at Jun Gesmundo |
| Ang mga Imahen Ukol sa Paglilibing ng Panginoong Hesus | | |
| 46 | Senyor Santo Intierro | Aera Memorial Foundation, Inc. |
| 47 | Santa Marta | Mga naulila ni Donya Loleng Alcantara |
| 48 | Santa Maria De Betania | Isponsors:<br>Atty. At Gng. Bernardo Pulido<br>San Juan Batangas, Maskara Inc. at<br>Senakulo ng Lungsod ng San Pablo sa<br>tulong ng mga estudyante ng<br>San Pablo City Central Elementary School<br>at Bb. Ludy N. Pasagui, Ed. D.<br>OIC School Division Superintendent |
| 49 | Santa Juana de Cuza | Isponsors:<br>Bb. Nene Cuento at Rural Bank of Nagcarlan<br>sa tulong ng mga estudyante ng<br>Laguna Colleges sa pamumuno ni<br>Bb. Aurora Baldrias, Principal<br>at ng Oblate Apostles of the Two Hearts<br>(OATH) |
| 50 | Santa Maria Salome | Pamilya Ambray<br>Isponsor: Eternal Glory Memorial Park |
| 51 | Santa Maria Jacobe | Isponsor:<br>Bb. Cecille Torrevillas-Gelicame<br>ng Southern Luzon Association of Museums |
| 52 | Santa Maria Cleophas | Mga Naulila ni Purificacion Eubinag |

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 53 | Santa Maria Magdalena | Mga naulila ni Ramon Paulino sa pangangalaga ni Nonito Paulino at Pamilya |
| 54 | Santa Juan Evangelista | Pamilya Arandia |
| 55 | Soledad de San Pablo | Mga naulila ni Jose Azores Fuentes |

**Talahanayan 5**

*Ngalan ng imahen na kasali sa prusisyon sa panig ng simbahan*

| Mga Imahen | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 1 | St. Peter | Pamilya Brion |
| 2 | Crucified Christ | Naulila ni Architect Francisco Dychangco |
| 3 | St. John Evangelist | Pamilya Arandia |
| 4 | Santo Entierro | Pamilya Maglalang |
| 5 | Sta. Veronica | Pamilya Montaniel |
| 6 | Sta. Martha | Nasa pangangalaga ng tagapagmana ni Loleng Alcantara |
| 7 | Sta. Maria Magdalena | Pamilya Paulino |
| 8 | Mater Dolorosa | Pamilya Aquino |
| 9 | La Pieta | Pamilya Reyes |

**Talahanayan 6**

*Ngalan ng imahen na kasali sa prusisyon Mahal na Pasyon*

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| Mga Imahen Ukol sa Buhay at Misteryo ng Panginoong Hesus | | |
| 1 | The Baptism of Christ | Sponsor:<br>Hon. Vice Mayor Martin Ambray Ilagan |
| 3 | The Temptation of Jesus | Atty. and Mrs. Marius Zabat<br>Sponsor: Mr. and Mrs. Tony Gallivo |
| 4 | Senor San Pedro | Reyes at Diwatan Family |
| 5 | The Wedding Feast at Cana | Dr. and Mrs. Boyet Diawatan at<br>Dra. Virginia Reyes Estrada Candido |
| 6 | Jesus and the Samaritan Woman | Heirs of Antonia Manuel Magcase |
| 7 | Penitent Mary Magdalene | Mr. and Mrs. Ferdie Flores |

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 8 | Transfiguration | Mr. and Mrs. Arsenio Millares<br>Sponsors:<br>Terry and Lita Diaz<br>Herminia Ligeraldi and Family |
| 9 | Santa Marta | Mr. and Mrs. Faustino Almenral<br>Sponsor: Mrs. Myrna Lagrama |
| 10 | San Lazaro | Heirs of Dr. Leon Castillo |
| 11 | Triumphant Entry to Jerusalem | Heirs of Donya Leonila F. Almeda<br>Sis. Maria Goretti Almeda<br>Dr. and Mrs. Melencio Almeda<br>Mr. and Mrs. Mauricio Aljama<br>Engr. David Sayoc |
| 12 | Jesus Washes the Feet of St. Peter | Mr. and Mrs. Tyone Magsino and Family<br>Sponsors: Mr. and Mrs. Carlito Ortega |
| 13 | Institution of the Holy Eucharist | Mrs. Dolly Potenciano and Family |
| 14 | Nuestra Senora De Los Dolores | Mrs. Ruby A. Gesmundo<br>Chito and Jun A. Gesmundo |
| Ang mga Imahen Ukol sa Hapis at Pagpapakasakit at Kamatayan ng Panginoong Hesus | | |
| 13 | Agony in the Garde | Honorato Cabrera Family<br>Sponsors:<br>Mr. and Mrs. Michael Calingasan<br>Calingasan Funeral Homes |
| 14 | The Arrest of Jesus | Mr. and Mrs. Lito Surbano |
| 15 | Denial of St. Peter | Hon. Mayor and Mrs. Vicente Amante |
| 16 | Jesus was Taken to Pilate | Sponsor: Johnny Uy Kee Kong |
| 17 | Pilate Washes his Hands | Heirs of Clarito Ticzon |
| 18 | Scourging at the Pillar | Sponsor: Atty. Jose Claro “Tito” Tesoro<br>Epitome Holdings, Inc. |
| 19 | Crowning of Thorns | Sponsor: Coun. Ares Escudero |
| 20 | Jesus Desmayado | Sponsors:<br>Hon. Coun. Ellen Reyes and<br>Mr. Arthur Reyes |
| 21 | Jesus is Condemned to Death | Former Mayor and Mrs. Boy Aquino<br>Judge Odilon Bautista<br>Dr. and Mrs. Aresteo Alvero<br>Dr. and Mrs. Leo Exconde |

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 22 | Jesus Embraces his Cross | Sponsors:<br>Cong. Dan Fernandez, Ist District<br>JM Marquez Poultry Farm<br>Daddy's Q9 Tapsilog<br>Mr. Badeth Deza, Precy Hairline |
| 23 | Jesus is Helped by Simon of Cirene | Sponsors: Marino Bonifacio and Family |
| 24 | Santa Veronica | Sponsor: Elmer Inciong |
| 25 | First Fall of Jesus | Heirs of Dante T. Reyes<br>Sponsors:<br>Don Terrios Quarry<br>Mr. and Mrs. Daniel Avanzado<br>Big Ace Wonder Wash<br>Q'9 Tapsilog by Nestor |
| 26 | Second Fall of Jesus | Sponsors:<br>Mrs. Pining Aranguren Vda. De Agoncillo and Family |
| 27 | Third Fall of Jesus | Hon. Congresswoman Ivy Arago and Family |
| 28 | Jesus is Stripped off of His Garment | Commodore and Mrs. Rogelio Dayan |
| 29 | Jesus is Made to Drink Bitter Bile | Sponsors:<br>Mrs. Noime Regaspi<br>John Timothy Gen. Mdse. |
| 30 | Sto. Cristo de Limpia | Mesinas Family, under the custody of Ms. Elaine Cecilia D. Mesinas and brothers<br>Sponsors:<br>Nonong and Capina Guia and Family |
| Ang mga Imahen Ukol sa Paglilibing ng Panginoong Hesus | | |
| 46 | Bringing Down from the Cross | Heirs of Don Arsenio Escudero<br>Sponsors:<br>Hon. Gov. Vilma Santos-Recto and Family |
| 47 | La Pieta | Heirs of Donya Rosario Adap Escudero<br>Sponsors:<br>Villa Escudero Management and Staff |
| 48 | Nuestra Senora de Angustia | Sponsor: Major Dante Abril and Family |

| | | May-ari o Nag-iisponsor ng Imahen |
|---|---|---|
| 49 | Santo Intierro | AERA Memorial Foundation<br>LANDCO Pacific, Inc.<br>Mr. and Mrs. Freddy Burgos |
| 50 | Sta. Maria Salome | Ambray Family<br>Sponsor: Eternal Glory of Memorial Park |
| 51 | Santa Maria Jacobe | Sponsors:<br>Southern Tagalog Association of Museums and Angelina L. Amat, President |
| 52 | Santa Maria Cleophas | Heirs of Donya Purificacion Eubinag |
| 53 | Santa Maria Magdalena | Heirs of Ramon Paulino under the care of Nonito Paulino and Family |
| 54 | Santa Juan Evangelista | Sponsor: Ereje Family |
| 55 | Soledad de San Pablo | Bert Zapanta and Family<br>Sponsors:<br>Mr. Ramon A. Preza, Dra. Loida T. Preza<br>Choir: Anima Christi Chorale |

1.2. **Usapin ng Pagmamana ng mga Karosa**

Ang bawat pamilya na nagmamay-ari ng mga imahen at karosa sa lungsod ng San Pablo na isinasama sa prusisyon taon-taon tuwing Semana Santa ay may kaniya-kaniyang kuwento. Nagkaroon ng pagkakataon ang mananaliksik na makapanayam ang tatlong pamilya na nagmamay-ari ng mga santo. Ilan sa mga tanong ng mananaliksik ay ang mga sumusunod: (1) Paano naipamana sa kanila ang imahen? ; (2) Ilan taon na ang imahen sa kanilang pamilya? ; (3) Ano ang imahen na mayroon sa kanilang pamilya? at ( 4 ) Paano naman nila ipapamana ang imahen sa hinaharap?. Mula sa mga tanong na ito ay nakabuo ang mananaliksik ng talahanayan na magpapakita ng detalye ng panayam.

**Talahanayan 7**

*Talaan ng panayam sa mga may-ari ng imahen na sumasama sa prusisyon ng simbahan*

| Ngalan ng Pamilya | Ngalan ng imahen | Estimasyon ng bilang ng taon ng imahen sa pamilya | Paano napunta sa pamilya ang imahen? | Paano nila planong ipamana ang imahen? |
|---|---|---|---|---|
| Pamilya Aquino | • Si Hesus ay Hinatulang Mamatay | 40 | Ipinagawa ng pamilya sa Pampanga sa hikayat at tulong ni Don Ado Escudero. | Sa ngayon ay wala pang plano kung paano ipapamana ang imahen. |
| Pamilya Maglalang | • Santo Entierro | 67 | Ipinagawa ng mag-asawang Maglalang ang imahen sa ilalim ng kahilingan ni Padre Nicomedes Rosal. Simula pa noong 1953 hanggang sa kasalukuyan ay nakalagak na ang imahen sa altar ng Parokya ng San Pablo. | Sa ngayon ay wala pang plano kung paano ipapamana ang imahen. |
| Pamilya Brion | • San Pedro<br>• San Antonio de Padua<br>• Birhen Dolorosa<br>• Mahal na Birheng Maria | 30 | Ipinagawa sa Paete Laguna ng pamilya bilang bahagi na ng panata. | Sa ngayon ay wala pang plano kung paano ipapamana ang imahe. |

**Talahanayan 8**

*Talaan ng panayam sa mga may-ari ng imahen na sumasama sa prusisyon ng Samahan ng Mahal na Pasyon*

| Ngalan ng Pamilya | Ngalan ng imahen | Estimasyon ng bilang ng taon ng imahen sa pamilya | Paano napunta sa pamilya ang imahen? | Paano nila planong ipamana ang imahen? |
|---|---|---|---|---|
| Pamilya Amante | • Ang Pagtatatwa ni Pedro kay Hesus | 26 | Ipinagawa sa Paete Laguna ng yumaong asawa ni dating Mayor Vicente Amante simula ng maging mayor ng lungsod na ito. | Sa ngayon ay wala pang plano kung paano ipapamana ang imahen. |
| Pamilya Arandia | Santa Juan Evangelista | 68 | Bata pa lamang siya ay nasa bahay na nila ang imahen na pagmamay-ari pa ng kaniyang lola. Napunta sa kanilang magkakapatid ang pagmamay-ari ng imahen. Sa bawat taon, nagpapalitan lamang silang magkakapatid kung sino ang gagastos para sa prusisyon. | Ang paraan ng pagpapamana ay kagaya kung paano isinalin sa kanila ang imahen. |
| Pamilya Escudero | Santo Entierro | 100+ | Ito ay minana pa ni Don Ado Escudero sa kaniyang pamilya kung saan ay ipinagpapatuloy niya hanggang sa noong nabubuhay pa siya ang pag-aalaga ng imahen. | Sa ngayon, ipagpapatuloy ng naiwan ni Don Ado ang pangangalaga sa mga imahen. |

Patunay ang mga nakuhang datos mula sa mga aktibong pamilya na nakikilahok sa gawain ng simbahan at Mahal na Pasyon sa pagdaraos ng prusisyon tuwing semana santa ay nagdaan na sa maraming henerasyon. At isa sa pangunahing tungkulin ng bawat pamilya na mapanatili ang pamananata ang pagpapamana sa ibang miyembro ng kanilang pamilya na sa palagay nila ay karapat-dapat na magpatuloy sa tradisyon.

## KONGKLUSYON

Sa kabuoan ng pananaliksik, di maikakaila na napapanatili paring buhay ng lungsod ng San Pablo ang tradisyon ng prusisyon tuwing semana santa. Di parin nawawaglit, ang isang tradisyong minana pa sa mga misyonerong pari maraming taon na ang nakakaraan. Sa naging obserbasyon at isinagawang panayam ng mananaliksik, nakita ang taos pusong paglilingkod ng mga nakapanayam sa kanilang ginagawa upang mapanatili at huwag mamatay ang tradisyon na naging bahagi na ng buhay ng libu-libong mga tao di lamang ng mga taga-San Pablo maging mga karatig na lungsod at dayuhan na dumarayo pa upang saksihan ang maringal na prusisyon ng lungsod.

Isa sa nakikitang implikasyon ng mananaliksik sa isinasagawang pag-aaral na ito, ang mabigyang puwang ang dalawang grupo, ang simbahan at Samahan ng Mahal na Pasyon, na mailahad at magkaroon ng pagkakataon na mapakinggan ang kanilang mga nilalayon sa pagsasagawa ng prusisyon tuwing Semana Santa ng sa gayon ay magkaroon ng matibay na relasyon sa isa't isa na maghahatid nang isang maayos at makabuluhang prusisyon na dinadaluhan ng maraming deboto di lamang mula sa lungsod ng San Pablo bagkus mula pa sa iba't ibang mga bansa na talaga namang tunay na maipagmamalaki.

Hindi rin maisasantabi ang ilang mga gawain na taliwas sa pangkalahatang tagubilin na itinakda ng simbahan. Ito ay ang sumusunod; una, pag–aayos o pagdadamit ng imahen nang magarbo, ikalawa, pagkakakilanlan ng imahen at tagpo, at ang panghuli, diwa ng kababaang–loob at kawalang-rangya. Ito ay ilan lamang sa mga bagay na nakita ng mananaliksik na di gaanong nasusunod ng lungsod, ayon na rin sa nakalap na panayam at larawan na lalong nagbigay ng patunay.

Sa kabila ng lahat ng lahat ng ito, karamihan sa tagubilin ay makikita parin na maingat na sinusunod ng lungsod ng San Pablo.

Na malinaw sa mga nakapanayam na mahalaga ang pagsasagawa ng prusisyon dahil di lamang ito isang pagpapaalala sa sakit, hirap at kamatayan ni Hesus kundi ito ay isang paraan ng pagtuturo ukol kay Hesus sa mga bata at matanda. At higit sa lahat ay ang pagpapanatili ng isang tradisyon na kailanman para sa lungsod na ito ay hindi hahayaang mawala o mamatay dahil ito ay bahagi na ng buhay ng mga Pilipino dahil ito ay isang paraan ng pagpapakita ng kanilang pananampalataya kay Hesus na ating tagapaglistas.

Sa prusisyon, makikita rin ang kaugaliang Pilipino na namamayani mula sa paghahanda, sa mismong pagdiriwang at sa mga suliraning kinaharap dito. Makikita ang pagtutulungan ng pamilya sa paghahanda sa imahen na isasama sa prusisyon, mga paniniwala sa pagkuha ng bulaklak sa andas na para sa kanila ay may iba't ibang hatid itong biyaya sa pamilya, ang pagiging relihiyoso at madasalin ng mga Pilipino, kahalagahan ng pakikipagkapuwa at debosyon sa mga imahen.

Sa huli,iba-iba man ang paniniwala,paghahanda at pagsasagawa ng prusisyon sa iba't ibang lungsod ang pinakamahalaga ay ang dalang aral at inspirasyon nito sa lahat ng mga mananampalataya. Tanging hiling lamang ay huwag hayaang mamatay o mawala ang tradisyon ng prusisyon tuwing semana santa. Kaya manatili nawa sa ating mga puso ang pagmamahal at pananampalataya kay Hesus magpakailanman.

## MGA SANGGUNIAN


Delos Reyes, Michael P. *Prusisyon: Paghahanda at Pagdiriwang, Pinaunlad na Edisyon*, Claretian Communications Foundations, Inc. 2018.

Demeterio, F.P. A. III, at Orozco. *The Sacred Images, Patronages and Rotuals of Obando Church, Bulacan: A Historiacal Investigation Using the Framework of the Deleuze-Guattari Assemblage*.

Dovey, Kim. *Assembling Architecture*. https://www.scribd.com/document/251195973/Assembling-Architecture-Kim-Dovey.

Lunas, Bernadette. *A Glimpse at the Life of a "Buena Familia*." Manila Standard Net, 31 October 2015, 7:30 p.m., https://manilastandard.net/mobile/article/190793.

Nail, Thomas. *What is Assemblage*?. University of Winconsin Press, vol. 46, no. 1, 2017, pp.21-37.

Venida, Victor S. *The Santo and the Rural Aristocracy*. Ateneo Manila University, vol. 44, no. 4, 1996, pp. 500-513.

Kabilin Bantayanong Pasos Part 1. YouTube, uploaded by Jojo Bersales, 6 February 2012, https://www.youtube.com/watch?v=JoMuvtKkERM

Kabilin Bantayanong Pasos Part 2. YouTube, uploaded by Jojo Bersales, 6 February 2012, https://www.youtube.com/watch?v=AcjhutezvMQ

Kabilin Bantayanong Pasos Part 3.YouTube, uploaded by Jojo Bersales, 6 February 2012, https://www.youtube.com/watch?v=in-sntLaQsI

Kabilin Bantayanong Pasos Part 4. YouTube, uploaded by Jojo Bersales, 6 February 2012, https://www.youtube.com/watch?v=wm8l-mTbpI0

Kabilin Bantayanong Pasos Part 5. YouTube, uploaded by Jojo Bersales, 6 February 2012, https://www.youtube.com/watch?v=oQFPxotvhPs

Kabilin Bantayanong Pasos Part 6. YouTube, uploaded by Jojo Bersales, 6 February 2012, https://www.youtube.com/watch?v=wyIwSY82o14

Kabilin Semana Santa sa Bogo City Part 1.Youtube, uploades by Jojo Bersales, 26 May 2012, https://www.youtube.com/watch?v=Tbr4fmaJoWQ

Kabilin Semana Santa sa Bogo City Part 2.Youtube, uploades by Jojo Bersales, 26 May 2012, https://www.youtube.com/watch?v=wdsKPGoiiK0

Kabilin Semana Santa sa Bogo City Part 3.Youtube, uploades by Jojo Bersales, 26 May 2012, https://www.youtube.com/watch?v=tZRo8ryl4Ys

Kabilin Semana Santa sa Bogo City Part 4.Youtube, uploades by Jojo Bersales, 26 May 2012, https://www.youtube.com/watch?v=tZRo8ryl4Ys

Kabilin Semana Santa sa Bogo City Part 5.Youtube, uploades by Jojo Bersales, 26 May 2012, https://www.youtube.com/watch?v=9yRqip9v_Xo

Kabilin Semana Santa sa Bogo City Part 6.Youtube, uploades by Jojo Bersales, 26 May 2012, https://www.youtube.com/watch?v=3GmtG803fic

Kabilin Semana Santa sa Bogo City Part 7.Youtube, uploades by Jojo Bersales, 26 May 2012, https://www.youtube.com/watch?v=e4ZJrv-VbKs

**Souvenir Program ng Samahan ng Mahal na Pasyon**

Samahan ng Mahal na Pasyon. (2004, Abril 9-11). San Pablo City, Laguna

Samahan ng Mahal na Pasyon. (2009, Abril 10 at 12). San Pablo City, Laguna

Samahan ng Mahal na Pasyon. (2014, Abril 18 at 20). San Pablo City, Laguna

Samahan ng Mahal na Pasyon. (2015, Abril 3 at 5). San Pablo City, Laguna

Samahan ng Mahal na Pasyon. (2018, Marso 30 at Abril 1). San Pablo City, Laguna

Samahan ng Mahal na Pasyon. (2019, Abril 19 at 21). San Pablo City, Laguna

**Mga Nakapanayam**

G. Emmanuel de Villa, Chair, Cathedral Worship and Liturgy Commission of San Pablo City

Don Conrado Escudero, Pangulo ng Comite de Festejos

Father Jerry Gaela, dating kura paroko ng San Pablo

Mga pamilyang nagmamay-ari ng mga santo, sila ay ang mga sumusunod;

1. Pamilya Aquino
2. Pamilya Arandia
3. Pamilya Brion
4. Pamilya Escudero
5. Pamilya Maglalang
6. Pamilya Amante